


Aralin 10

# "MANATILI KAYO SA AKIN"

*Juan 15:1-17*

**LAYUNIN:** *Pagkatapos ng araling ito...*

- *Makikita ninyo kung ano ang kaugnayan ng utos ni Jesus dito ("Manatili kayo sa akin") sa iba pa niyang naunang mga utos ukol sa relasyon natin sa kanya.*
- *Magkakaroon kayo ng higit na naising makita ang bunga ng inyong pananampalataya at gawin ang dapat gawin ukol dito.*
- *Magdedesisyon kayo tungkol sa kung anong gagawin ninyong hakbang upang matiyak na nananatili kayo sa mga salita ni Cristo.*

## PANIMULA

1. May kilala ba kayong isang tao na nagsasabing Cristiano siya (huwag pangalanan) ngunit wala kayong nakikitang pagkakaiba o pagbabago sa buhay niya na makapagpapatunay na Cristiano nga siya? Ano ang iniisip mo tungkol sa kanya?

   ***Tulay sa Pag-aaral:*** Ayaw man nating husgahan ang isang tao, hindi maiaalis sa atin na magtaka o magduda kung ang tao nga bang iyon ay tunay na Cristiano o hindi. Dito sa Juan 15:1-17, ipinapaalala ni Jesus sa kanyang mga alagad ang kahalagahan ng pagkakaroon ng bunga sa buhay Cristiano. Ang pag-uusapan natin ngayon ay hindi kung paano tutulungan ang iba na magkaroon ng bunga. Pagtuunan muna natin ng pansin ang sarili natin. Titingnan natin kung ganito nga ba ang nakikita sa atin ng Diyos at paano pa ang dapat nating gawin upang matiyak na marami ang nagiging bunga ng ating pamumuhay Cristiano.

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 1-6. Saan inihalintulad ni Jesus ang kanyang sarili, ang kanyang Ama, at ang mga tagasunod niya? Ano ang kahalagahan nito sa relasyon natin kay Jesus at sa relasyon natin sa Ama?

3. Ano ang nais ng Diyos para sa ating mga Cristiano? Tingnan ang verses 8 at 16. Bakit sa tingin ninyo hindi ito gaanong nakikita sa ibang mga Cristiano?

4. Ano ang ginagawa ng Diyos sa isang taong namumunga? Sa hindi namumunga?

5. Sabi ng iba, ang verse 2 at verse 6 daw ay tumutukoy sa pagdidisiplina kung walang bunga. Patunayang "paghatol" (*judgment*) ang tinutukoy ni Jesus dito. Patunayan ding hindi ibig sabihin nitong nawawala ang kaligtasan ng isang tunay na Cristiano.

6. Ayon sa verse 4, paano natin matitiyak na magkakaroon tayo ng bunga? Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang kaugnayan nito sa mga naunang utos na napag-aralan natin sa mga nakaraang aralin (Aralin 2-9)?

7. Basahin ang verses 7-11. Kung nananatili tayo kay Cristo, nananatili tayo sa kanyang mga salita (v. 7; 8:31) at sa kanyang pag-ibig (v. 9). Ano ang ipinapakita nitong ibig sabihin ni Cristo nang sabihin niyang, "Manatili kayo sa akin" (v. 4)?

8. Basahin ang verses 12-17. *Ang pananatili kay Cristo ay nagdudulot ng maraming bunga sa buhay ng isang Cristiano.* Sa mga talatang nabasa at sa mga nauna pa, anu-anong bunga ang mararanasan natin kung mananatili tayo kay Cristo?

9. Ayon sa 1 Corinto 3:6-7 at Galacia 5:22-23, sino ang gumagawa upang magkaroon tayo ng bunga? Ang Diyos ba o tayo? Ano ang kahalagahang maintindihan ang sagot dito?

## PAGSASABUHAY

10. Kung gusto nating maranasan ang mabungang buhay Cristiano, ano ang nais ni Jesus na dapat nating gawin? Sa pang-araw-araw na buhay, paano natin ito maisasagawa?

**ASSIGNMENT**

- Isaulo ang Juan 15:4-5.
- Basahin ang guide na "Experiencing God in Your Quiet Time"
- Subukan itong gawin sa susunod na pitong araw at sa susunod na pagkikita ay ibahagi ang karanasan.